# Mga Balita | Dateline Philippines



## MENSAHE NG AREA PRESIDENCY



LITRATO IPINAGKALOOB NG CHURCH MEDIA LIBRARY

# Itatag ang Simbahan sa Pamamagitan ng Iyong Pagbabalik-loob



Ni Elder
Brent H. Nielson
Area President

Isa sa mga Mithiin ng Philippines Area sa taong 2014 ay patatagin ang Simbahan. Sa pagninilay natin tungkol sa konsepto ng pagpapatatag ng Simbahan, madalas nating isipin ang mga stake at district at ward at branch. Ang ating isipan ay nakatuon sa dumaraming mga miyembro at organisasyon, sa pagbuo ng mga bagong unit at pagtatayo ng mga bagong meetinghouse. Gayunman, kung susuriin ninyong mabuti kung ano talaga ang kailangan para patatagin ang Simbahan, makikita ninyo na ang Simbahan ay matatag kapag kayo at ako ay nagbalik-loob na sa ebanghelyo ni Jesucristo. Kung tatanungin ko kayo, paano kayo higit na makakatulong sa pagpapatatag ng Simbahan sa Pilipinas, ang sagot ay batay sa inyong sariling pagbabalik-loob. Kapag nagbalik-loob na ang mga miyembro sa ebanghelyo ni Jesucristo, matatag na ang Simbahan.

Sa gayon ay maitatanong natin, paano ba ang magbalik-loob? Paano ko malalaman kung talagang nagbalik-loob na ako?

Sa Mateo 24, sa Bagong Tipan, ibinahagi sa atin ng Tagapagligtas ang mga palatandaan ng mga panahon, o ang mga bagay na dapat nating bantayan sa ating paghahanda para sa Kanyang ikalawang pagparito. Pagkatapos ay itinuro niya sa atin sa Mateo 25 ang talinghaga ng sampung dalaga. Habang binabasa natin ang talinghaga, kung mauunawaan natin na ang Tagapagligtas ang kasintahang lalaki; ang piging ng kasalan ang kanyang ikalawang pagparito; ang sampung dalaga ang mga miyembro ng Simbahan; ang mga ilawan ang patotoo; at ang langis ang pagbabalik-loob, matututuhan natin ang isang napakahalagang aral.

Habang papalapit ang kasintahang lalaki, nagsigising ang sampung dalaga upang salubungin siya. Lima sa kanila ang nagbalik-loob na at may langis sa kanilang mga ilawan. Lima sa kanila ang may patotoo. Mayroon silang ilawan,

*Kung tatanungin ko kayo, paano kayo higit na makakatulong sa pagpapatatag ng Simbahan sa Pilipinas, ang sagot ay batay sa inyong sariling pagbabalik-loob. Kapag nagbalik-loob na ang mga miyembro sa ebanghelyo ni Jesucristo, matatag na ang Simbahan.*

ngunit hindi pa sila nakabili ng langis o pagbabalik-loob. Nang dumating ang kasintahang lalaki desperado silang naghanap ng langis, at sinubukang humingi sa limang may langis. Umalis sila para subukang bumili ng langis, at pinagsarhan sila ng pintuan sa piging ng kasalan. Itinuro ni Elder Bednar na kaya hindi tumulong ang limang may langis sa limang wala nito ay dahil hindi ito maaaring gawin. Hindi kayo puwedeng magbalik-loob para sa iba. Ito ay gawaing kailangang pagsikapan ng bawat tao. (Kumperensya ng Oktubre 2012, Nagbalik-loob sa Panginoon)



LITRATO IPINAGKALOOB NG CHURCH MEDIA LIBRARY

Maitatanong pa rin natin, ano ang ibig sabihin ng magbalik-loob? Mahalagang pansinin ang dalawang talata sa pagsukat sa sarili nating pagkadisipulo. Sa Lucas 22:31-33 sinabi ng Tagapagligtas kay Pedro na gusto siyang kunin ni Satanas at bistayin na parang trigo. Pagkatapos ay sinabi Niya kay Pedro na kapag siya ay nagbalik-loob dapat niyang patatagin ang kanyang mga kapatid. Mapapaisip kayo sa sagot ni Pedro. Hindi siya makapaniwala na sinasabi sa kanya ng Tagapagligtas na hindi pa siya nagbalik-loob. Sa talata 33 sinabi niya sa Tagapagligtas na handa siyang mabilanggo at mamatay kung kailangan. Kaya't sinabi sa kanya ng Tagapagligtas na tatlong beses Siyang itatatwa ni Pedro bago tumilaok ang manok. Hindi pa nagbalik-loob si Pedro. May ilang bagay pa siyang gagawin bago mapuno ng langis ang kanyang ilawan.

May isa pang halimbawa sa 3 Nephi 9:13. Ito ang ilan sa mga unang binigkas ng Tagapagligtas nang bisitahin niya ang matatapat na miyembro sa Aklat ni Mormon. Maraming lungsod ang nawasak. Libu-libo ang napatay. Ang nagtipun-tipon sa Templo ay 2,500 tao lamang. Nakaligtas sila dahil mabubuti silang tao. Ano ang sinabi ng Tagapagligtas sa kanila? "O lahat kayong naligtas dahil sa kayo ay higit na mabubuti kaysa sa kanila, hindi pa ba kayo ngayon magbabalik sa akin, at magsisisi sa inyong mga kasalanan, at magbalik-loob, upang mapagaling ko kayo?" Sila ang mabubuting tao. Sila ang mga nangaligtas. Ano pa ang kulang sa kanila? Kailangan pa nilang lagyan ng langis ang kanilang mga ilawan at magbalik-loob.

Sa Mateo 19 nagkausap ang Tagapagligtas at ang mayamang binatang pinuno. Sinunod ng binatang ito ang lahat ng kautusan at pagkatapos ay nagtanong ng "ano pa ang kulang sa akin?" Sinabi sa kanya ng Tagapagligtas na ipagbili ang lahat ng mayroon siya at pumaroon at sumunod sa Kanya. Malungkot na tumalikod ang binata at lumayo. Ang nakakatuwang bahagi ng kuwento ay nang magtaka ang mga Apostol. Hindi sila makapaniwala sa sinabi ng Tagapagligtas sa binata. At tinanong ng mga Apostol ang Tagapagligtas sa talata 27, "sino nga kaya ang makaliligtas?" Sa madaling salita, "mukhang walang sinuman sa atin ang makaliligtas." Sa talata 29 sinabi sa atin ng Tagapagligtas kung ano ang pagbabalik-loob. "At ang bawa't magiwan ng mga bahay, o mga kapatid na lalake, o mga kapatid na babae, o ama, o ina, o mga anak, o mga lupa, dahil sa aking pangalan, ay tatanggap ng tigisang daan, at magsisipagmana ng walang hanggang buhay."

Iyan ba ang ibig sabihin ng magbalik-loob? Totoo na ang pagsasakripisyo ng mga temporal na bagay ay tanda ng pagbabalik-loob, ngunit hindi lamang ito tungkol sa pag-iwan o pagtalikod sa pera o ari-arian o sa pamilya. Tungkol ito sa kahandaang gawin ito. Ito ay pagsusuri sa sarili na kapag nagtanong ng, ano pa ang kulang sa akin, kahit paano ay nauunawaan natin ang ating kahinaan at naitatama ang ating sariling kamalian.

Binigyan tayo ng napakagandang halimbawa sa Alma 23 kung ano ang ibig sabihin ng magbalik-loob. Inilarawan sa talata 6 ang pagbabalik-loob ng mga Lamanita. Pagkatapos ay may itinuro sa atin sa talata 7 na napakalinaw. "Ibinaba nila ang kanilang mga sandata ng paghihimagsik, na hindi na nila muli pang nilabanan ang Diyos." Sabi sa talata 8, "Ngayon, ito sila na mga nagbalik-loob sa Panginoon." Nakikita ba ninyo ang inyong sarili na dala-dala ang mga sandata ng inyong paghihimagsik? Mayroon ba kayong isang bagay na tila hindi ninyo mapaglabanan? Ang isang bagay na iyan ang pumipigil sa atin sa pagsulong sa susunod na antas ng pagkadisipulo at

pagbabalik-loob. Kapag naunawaan natin kung ano ang isang bagay na iyon at "ibinaba natin ang ating sandata ng paghihimagsik," nakapagbalik-loob na tayo dahil sa wakas ay handa na tayong gawin ang anumang iutos ng Panginoon.

Tuwing nasa mission tour kami ni Sister Nielson ang karaniwang itinatanong sa amin ng mga missionary ay kung paano nila malalaman na sila mismo ay nagbalik-loob na. Ang tanong nila ay ito, "Paano ko malalaman na tinatanggap ng Panginoon ang aking paglilingkod?" Ang sagot sa tanong ay matatagpuan sa D at T 97:8. Itinuro sa atin ng Panginoon na ang mga "nakababatid na ang kanilang mga puso ay tapat, at bagbag, at ang kanilang mga kaluluwa ay nagsisisi, at handang tuparin ang kanilang mga tipan sa pamamagitan ng paghahain-oo, bawat paghahain na ako, ang Panginoon, ay ipag-uutos-sila ay tinatanggap ko." Ano ang sinasabi Niya? Inuutusan Niya tayong ibigay ang lahat. Humihingi Siya ng isang pusong handa. Inuutusan Niya tayong maging handang gawin ang anumang ipagawa sa atin ng Panginoon. Kapag sinunod natin ang halimbawa ng Tagapagligtas at napasakop tayo sa kalooban ng Ama (Mosias 15:7) nakapagbalik-loob na tayo sa wakas. Iyan ang ibig sabihin niyon.

Ang habambuhay na prosesong ito ay nangangailangan ng iba't ibang sakripisyo nating lahat. Para sa mabubuting kababaihan ng Simbahan, talagang isinasakripisyo nila ang kanilang katawan para mabuhay ang isang sanggol at pagkatapos ay inaalagaan ang batang iyon hanggang sa tumanda ito. Napakahirap na proseso nito na tanging isang inang nakagawa lang nito ang makauunawa. Palagay ko ito ang dahilan kaya tila handang-handang magbigay ang mga ina sa kanilang mga anak. Handa silang ibigay ang lahat para mabuhay ang kanilang mga anak. Para sa mga binata maaaring ito ay pag-iwan sa pamilya at mga kaibigan nang dalawang taon kapag nagmisyon sila, o pagsasantabi ng kasiyahan kapalit ng mahirap na



LITRATO KUHA NI NOEL MAGLAQUE

iskedyul sa misyon na nangangailangan ng pinakamatindi nilang pagsisikap. Para sa mga bagong ama ito ay hindi pagtulog at paglalaro at paglilibang para maging tunay na ama sa kanilang mga anak. Ito ay lubusang paglalaan ng inyong buhay sa paglilingkod sa iba.

Ang nakakatuwa ay tila sa sandaling ibaba ninyo ang inyong huling sandata ng paghihimagsik, dahan-dahan, tahimik, at buong kabaitang ipinapakita ng Panginoon ang isa pang sandata ng paghihimagsik, at isa pa, hanggang sa ganap na araw.

Kapag nagbalik-loob na tayo, nakikita natin ang pagbukas ng kalangitan at pagbuhos ng Panginoon ng napakaraming pagpapala kaya hindi ito magkasya sa ating lalagyan. Lagi tayong may utang-na-loob sa Kanya. Hindi natin Siya mababayaran kailanman. Iyan ang ibig sabihin ng magbalik-loob. Iyan ang dahilan kaya nag-aalab ang ating dibdib at lumalago ang ating patotoo hanggang sa magbalik-loob tayo. Naibaba na natin ang mga sandata ng ating paghihimagsik at sinabing, narito ako isugo ako at ang Panginoon sa Kanyang dakilang karunungan ay biniyayaan tayo nang higit kaysa inakala nating posible.

Nais ba ninyong tumulong sa pagpapatatag ng Simbahan sa Pilipinas? Magsimula sa sarili ninyong pagbabalik-loob. At pagkatapos, kapag nagbalik-loob na kayo, patatagin ang inyong kapatid. (Lucas 22:32) ■

*Kapag nagbalik-loob na tayo, nakikita natin ang pagbukas ng kalangitan at pagbuhos ng Panginoon ng napakaraming pagpapala kaya hindi ito magkasya sa ating lalagyan. Lagi tayong may utang-na-loob sa Kanya. Hindi natin Siya mababayaran kailanman. Iyan ang ibig sabihin ng magbalik-loob. Iyan ang dahilan kaya nag-aalab ang ating dibdib at lumalago ang ating patotoo hanggang sa magbalik-loob tayo.*

# Lokal na mga **Balita**

## Mga General Relief Society at Young Women Presidency Bumisita sa Pilipinas

Bumisita sa Pilipinas sina Linda K. Burton, General Relief Society President at Carol F. McConkie, Unang Tagapayo sa General Young Women Presidency noong Pebrero 14-23, 2014. Sinamahan sila ng Area Presidency nang bumisita sila sa Manila; Cebu; Tacloban; Naga; Legazpi at Baguio.



### CEBU

"Sino ang kailangang makaalam na mahal kayo ng Ama sa Langit?"

Ito ang tanong ni Sister Linda Burton sa Relief Society auxiliary leaders' training na idinaos noong Pebrero 15, 2014, sa Cebu Temple complex na dinaluhan ng mga lider ng Relief Society mula sa Cebu, Bohol, Dumaguete at iba bang kalapit na mga isla. Nabatid na marami sa kababaihan ang dumalo sa special training meeting na ito na sakay ng mga jeepney, tricycle, ang ilan ay naglakad, ang iba ay sakay ng barko para lamang marinig ang espesyal na mensahe ng pagmamahal at pamumuno at maturuan sa kanilang kakaibang mga tungkulin.



Ang mensahe ni Sister Burton pagkaraan ng Araw ng mga Puso ay nakatuon sa pagmamahal, na ipinaaalala sa bawat babaeng naroon na mahal ng Ama sa Langit ang bawat isa sa Kanyang itinatanging mga anak na babae sa lupa. Dahil sa pagmamahal na iyan, kailangang ibahagi natin, bilang kababaihan sa Sion, ang pagmamahal na iyan sa iba, at pasiglahin sila, dahil tayo ay napasigla.

Sa napakaepektibong paraan, sinabi ni Sister Burton sa kababaihan na bilang mararangal na babae sa Simbahan sa mga Huling Araw at bilang mga lider, tungkulin nilang gawin ang gawain ng Panginoon. Nagsisimula ito, sabi niya, sa pagsunod sa mga paramdam ng Espiritu at sa tulong ng Panginoon kapag naglingkod sila sa kapwa nila miyembrong babae at sa kanilang pamilya. Sa mga programa ng Relief Society at Visiting Teaching, binibigyan ang kababaihan ng pagkakataong maglingkod at tumulong.

Nagbanggit si Sister Burton mula sa manwal na "Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian" at sa manwal ng Simbahan upang ilarawan ang magagawa ng mga lider ng Relief Society nang sa gayon ay maipaliwanag ang gawain ng Panginoon at makatulong sila sa priesthood. Ang apat na alituntunin sa pamumuno na binanggit niya ay ang espirituwal na paghahanda, partisipasyon sa council meeting, paglilingkod, at pagtuturo ng Ebanghelyo ni Jesucristo.

Sa pagsunod sa mga alituntuning

ito ng pamumuno, madarama ng kababaihan ng Simbahan ang pagmamahal ng kanilang Tagapagligtas dahil ibabahagi nila ang pagmamahal na iyan sa kanilang asawa, mga anak, sa kapwa miyembrong babae, at maging sa mga kailangan pang makarinig sa mensahe ng Ebanghelyo. Iyan ang kagandahan ng dalisay na pag-ibig ni Cristo; ito ang pag-ibig na sinusuklian nang sampung beses kapag ibinahagi.

Sabi sa manwal na "Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian," "…kami ay pinakamamahal na mga anak na babae, matatapat na disipulo, bahagi ng isang napakalaking kapatiran ng kababaihan sa buong daigdig." Pinagkalooban ng Ama sa Langit ng malaking habag at lakas ang Kanyang mga anak na babae, at ipinaalala ito ni Sister Burton sa Relief Society.

Ang mensahe ni Sister Burton ay nagpasigla at nagbigay ng inspirasyon sa Relief Society. Ngayon, tayo na ang magpapasigla sa iba at magbabahagi ng pagmamahal ng Ama sa Langit para sa iba pa Niyang mga anak na babae.

## NAGA AT LEGAZPI

"Hiniling namin na isa sa kanila ang pumarito sa Pilipinas, ngunit mapalad tayo na dalawa ang ipinadala



nila. Bihirang magpunta dito nang sabay ang mga General Presidency ng Relief Society at Young Women. Napakalaking karangalan ang makapiling ang dalawang babae mula sa mga general presidency," sabi ni Elder Larry J. Echo Hawk, pangalawang tagapayo sa Philippines Area Presidency, nang samahan niya sina Sister Linda Burton, General Relief Society President, at Sister Carol McConkie, Unang Tagapayo sa General Young Women, sa pagbisita nila at pagbibigay ng training sa Legazpi District at Naga Stake.

## MGA PAGBISITA SA BAHAY

Talagang isang pagpapala, lalo na sa pamilya Serrano at pamilya Yanzon ng Legazpi District, nang personal silang bisitahin sa bahay nina Sister Burton at Sister McConkie at Elder Echo Hawk kasama ang kanyang asawang si Terry Echo Hawk bago sila tumuloy sa mga auxiliary training noong Pebrero 18, 2014.

"Sa milyun-milyong pamilya sa Pilipinas, mapalad kayong makapiling sila," sabi ni Elder Echo Hawk sa pamilya Serrano. Nang itanong ni Sister Burton kung bakit sa palagay nila nais ng Ama sa Langit na magpunta sila sa bahay ng pamilya Serrano at kung ano ang maikukuwento nila sa mga miyembro sa iba pang panig ng mundo na kapupulutan nila ng aral, binanggit ni Sister Serrano na mayroon silang 4-na-taong-gulang na anak na lalaking namatay dahil sa tumor sa utak. Nanlumo sila sa pagkamatay ng kanilang anak, ngunit humugot silang mag-asawa ng lakas mula sa kanilang pananampalataya at sa Simbahan. Sinabi ni Sister Serrano na ang nabasa niyang mga kuwento sa Liahona tungkol sa mga paghihirap ng iba pang mga magulang sa kanilang mga anak ay nagpalakas din sa kanya noong mga panahong iyon.

Sinabi ni Sister McConkie sa pamilya Serrano na sa pagkabuhay na mag-uli, makakapiling nilang muli





*"Ang layunin ng bawat tungkulin ay maging matapat na disipulo upang matulungan ang iba na maging mas mahusay na disipulo," sabi ni Sis. Burton.*

ang kanilang anak at magkakaroon sila ng pagkakataong palakihin ito. Ikinuwento ni Sister Burton ang kanyang lola-sa-tuhod na tumawid sa kapatagan sa edad na 19 at namatayan ng asawa at unang sanggol sa paglalakbay nila sa panahon ng taglamig. Dahil isinulat ng kanyang lola-sa-tuhod ang karanasang iyon at kung paano nito nalagpasan ang pagsubok na iyon, nagkaroon ng lakas ng loob si Sister Burton na harapin ang mga pagsubok sa kanyang buhay. Sinabi niya na dapat nating isulat ang gayong mga karanasan dahil hindi natin alam kung sino ang makahuhugot dito ng lakas balang-araw.

Kinausap din ni Sister McConkie ang dalawang anak na babae ng mga Serrano na nasa Young Women tungkol sa mga karanasan nila sa pagiging Latter-Day Saint Young Woman sa paaralan at sinabi sa kanila na mahirap manindigang mag-isa, ngunit maganda ang ginagawa nila at tutulungan sila ng Ama sa Langit na madama ang tunay na kagalakan. Ibinahagi niya ang isang talata mula sa Mosias 2:41 tungkol sa "pinagpala at maligayang kalagayan ng mga yaong sumusunod sa mga kautusan" dahil pinagpapala sila kapwa sa temporal at sa espirituwal.

Ang pangalawang tahanan na binisita nila ay ang pamilya Yanzon. Si Sister Yanzon ay kasal sa isang di-miyembro at may apat na anak, na ang panganay na anak ay naghahandang magmisyon.

Nang tanungin sila kung ano sa palagay nila ang dahilan ng pagpunta nina Sister Burton, Sister McConkie, at Elder Echo Hawk sa bahay nila, lumuluhang sumagot si Sister Yanzon na "dahil ayaw ng Diyos na mawalan ako ng pag-asawa sa asawa ko."

Pagkatapos ay sinabi ni Sister McConkie na hindi nawawalan ng pag-asa ang Tagapagligtas sa asawa ni Sister Yanzon. Ang pagmimisyon ng kanilang anak na lalaki ay magiging malaking pagpapala dahil kapag sumulat siya sa kanila, maaantig niya ang puso ng kanyang ama.

Nang itanong ni Sister Burton kung ano ang natutuhan ni Sister Yanzon sa pagsubok na ito, natutuhan daw niyang magpakatatag palagi, nalaman niya na mahal siya ng Diyos, at na hinding-hindi siya dapat mawalan ng pag-asa sa kanyang asawa, at laging mahalin ang kanyang mga anak.

Pagkatapos ay ibinahagi ni Sister McConkie na tutulungan tayo ng mga banal na kasulatan kapag may mga hamon sa ating buhay. Kahit makaranas tayo ng kalungkutan at pasakit, mapapanatag tayo sa mga banal na kasulatan.

Sinabi ni Elder Echo Hawk sa pamilya Yanzon na kapag ibinahagi nila ang plano ng kaligtasan sa iba habang nasa misyon sila, pagpapalain ng Panginoon ang kanilang pamilya.

## MITING NG MGA LIDER NG RELIEF SOCIETY AT YOUNG WOMEN

Nakinig na mabuti ang mga auxiliary leader at guro ng Relief Society (RS) at Young Women (YW) sa Legazpi District at Naga Stake nang payuhan sila nina Sister Linda Burton at Sister Carol McConkie sa mga focus group at binigyan sila ng magagandang mensahe tungkol sa uri ng lider at disipulong nais ng Panginoon na kahinatnan natin. Nasa Legazpi sila noong Pebrero 18 at sa Naga noong Pebrero 19, 2014.

Matapos ang pambungad na debosyonal sa Legazpi, nagpuntahan sa kani-kanilang auxiliary ang mga lider kung saan tinuruan ni Sister Burton ang mga lider ng RS at ni Sister McConkie ang mga lider ng YW. Kapwa nila ibinahagi ang mga alituntunin ng pamumuno na kinabibilangan ng: kahandaan sa espirituwal, partisipasyon sa mga council, paglilingkod sa iba, at pangangaral ng ebanghelyo. "Ang layunin ng bawat tungkulin ay maging

matapat na disipulo upang matulungan ang iba na maging mas mahusay na disipulo," sabi ni Sis. Burton.

Sinabi ni Sister McConkie sa mga lider ng YW na "ang inyong paglilingkod ay magpapala sa inyong pamilya at aantig sa kanilang buhay kapag nakita nila ang inyong halimbawa at mga pagbabago sa inyo."

## FOCUS GROUP MEETING

Sa Naga, nagdaos ng focus group meeting sina Sister Burton at Sis. McConkie kung saan mas nakadaupang-palad pa nila ang mga lider ng RS at YW. Sa focus group meeting na ito, itinanong nila sa mga lider kung ano ang mga problema ng kababaihan at kung paano nila nakayanan na manatiling matatag at panatilihing aktibo sa Simbahan ang kababaihan sa kabila ng mga hamon na ito sa buhay. Nang itanong ni Sister Burton kung sino sa kababaihan ang nakapunta na sa templo para tumanggap ng sariling endowment, halos lahat ay nagtaas ng kamay. Lubhang naantig si Sister Burton at pinuri ang mga lider ng Relief Society dahil sa kanilang katapangan at pagtanggap ng kanilang mga tipan sa templo, na mapaghuhugutan nila ng lakas sa pagganap sa kanilang mga tungkulin.

### Mga Reaksyon ng mga Miyembro

"Natutuwa ako dahil nakadalo ako rito na minsan lang mangyari sa buhay ko. Alam ko na tinawag ng Diyos ang kababaihang ito para tulungan tayo sa ating mga tungkulin at nagpapasalamat ako na narito sila para sa atin. Lalo kong sisikaping maging mabuting halimbawa sa ating Young Women."

**Jesel Manahan**
Daraga First Ward

"Masayang-masaya ako na nakadalo ako sa training na ito. Natanggap ko ang inspirasyon na talagang kailangan para magampanan ang aking tungkulin bilang RS President, lalo na sa 'High 5'principles ng kahandaang espirituwal na: Manalangin araw-araw, basahin ang mga banal na kasulatan araw-araw, dumalo sa sacrament meeting linggu-linggo, maglingkod sa iba, at laging mamuhay nang marapat para sa temple recommend."

**Victoria Ramada**
Bacacay Ward

"Ang isang hindi ko nagagawa ay ang partisipasyon sa mga council. Mula ngayon makikibahagi na ako sa mga council kasama ang aming Mia Maid Class Presidency. Natutuhan ko rin na dapat palagi akong espirituwal na handa para maging mas epektibo akong guro sa YW."

**Darlene Dy**
Naga Second Ward

"Nalaman ko ang kahalagahan ng paglilingkod at espirituwal na paghahanda at hahanap ako ng mas maraming pagkakataon para tumulong at maglingkod sa Young Women sa linggong ito."

**Angela M.**
Iriga First Branch

"Ngayon ay nasa akin nang lahat ang kailangan ko para magturo sa Young Women at hindi na ako magrereklamo. Daragdagan ko pa ang pagsisikap ko sa tungkulin ko at mag-uukol ako ng mas maraming oras para sa Young Women."

**Judith Leron**
Sipucot Branch

**Mga Nag-ambag at Litratista**
*Angela Carmela Uy Fantone*
*Sariah Guanzon-Ordinario*
*Neil Gonzaga*

*"Ngayon ay nasa akin nang lahat ang kailangan ko para magturo sa Young Women at hindi na ako magrereklamo. Daragdagan ko pa ang pagsisikap ko sa tungkulin ko at mag-uukol ako ng mas maraming oras para sa Young Women."*



## Philippines Area Goals – Itatag ang Simbahan

# Pagbubuo ng mga Pangarap para sa Tagumpay

Ni Bishop Noel Rodriguez
Cubao Ward

Ang matagumpay na mga organisasyon, tulad ng Apple, Google, Samsung ay pawang bumuo ng kani-kanilang mga pangarap para sa kanilang kumpanya. Mga pangarap na nagtutulak sa kanila tungo sa pambihirang tagumpay.

Sa pagkilala sa kahalagahan ng pangarap para sa isang organisasyon, nagpasiya ang aming ward - ang Cubao Ward - na bumuo rin ng vision o pangarap. Dahil dito, nabuo ng mga miyembro ng ward council sa isa sa aming mga miting, ang sumusunod na pangarap:

"Sa loob ng limang (5) taon, sapat na ang bilang ng matatapat at aktibong miyembro ng Cubao Ward para tumulong sa pagbuo ng bagong ward."

Sa paglikha ng nasabing pangarap, pinag-aralang mabuti ng mga miyembro ng ward council ang mga pangarap na ginawa ng ibang mga ward na partikular na ipinakita sa video na itinanghal ni Liel Maala. Matapos panoorin ang video, lumikha kami ng sarili naming pangarap, na naaayon sa aming sitwasyon.

Nang malikha na ang pangarap, nagkasundo kaming gumawa ng isang mithiin para sa taong iyon gayundin ng (mga) estratehiya kung paano namin makakamtan ang mithiing iyon. Pagkatapos ay itinanghal ng lider ng bawat auxiliary organization ang sarili nilang mga estratehiya.

Nang maisaayos na ang pangarap, mithiin, at mga estratehiya, ipinakita namin ito sa mga miyembro ng ward para sa kanilang mga puna at rekomendasyon. Nakita namin na kailangan itong gawin para madama ng




LITRATO IPNAGKALOOB NG CUBAO WARD

bawat miyembro ng ward na kasali sila sa aming pangarap, mga mithiin, at mga estratehiya, at para malaman nila ito.

Sa huli, hiniling namin sa lahat ng miyembro na mangakong susuportahan ang nasabing pangarap sa pamamagitan ng pag-anyaya sa kanila na makiisa sa pag-aayuno ng ward.

Noong 2013, 57% lang ng aming mga mithiin ang nakamtan namin ngunit itinuring pa rin namin itong isang tagumpay dahil pinagsikapan ito ng buong ward. Pagkakataon din iyon para magpakahusay at magsikap pa kami para makamit ang aming mga mithiin.

Ang pangarap ng Cubao Ward ay maitutulad sa isang gusali, kung saan ang bubong ang nagsisilbing pangarap, na sinuportahan ng iba't ibang haligi na binubuo ng iba't ibang auxiliary at ang patungan o pundasyon ay ang lahat ng miyembro, na ang kabuuan ay pinamumunuan ng bishopric. ■

*Ang pangarap ng Cubao Ward ay maitutulad sa isang gusali, kung saan ang bubong ang nagsisilbing pangarap, na sinuportahan ng iba't ibang haligi na binubuo ng iba't ibang auxiliary at ang patungan o pundasyon ay ang lahat ng miyembro, na ang kabuuan ay pinamumunuan ng bishopric.*